


Pinagaling ni Jesus ang Isang Paralitiko

(Lucas 5:17-26)

Isang araw, si Jesus ay nagtuturo sa isang bahay. Punong-puno ang silid ng mga tao — mga Pariseo, mga guro ng Kautusan, at iba pang nagmula sa iba't ibang bayan upang makinig sa Kanya. Ang kapangyarihan ng Panginoon ay nasa Kanya upang magpagaling ng maysakit.



Samantala, may dumating na isang grupo ng mga lalaki na may dalang isang kaibigan nilang paralisado sa isang higaan. Narinig nila ang tungkol kay Jesus at naniwala silang kaya Niyang pagalingin ang kanilang kaibigan. Ngunit pagdating nila sa bahay, sobrang siksikan ang mga tao kaya hindi sila makapasok.

Sa halip na sumuko, nakaisip sila ng isang matalinong plano. Umakyat sila sa bubong, dala ang kanilang kaibigan. Binaklas nila ang bahagi ng bubong sa ibabaw kung saan nagtuturo si Jesus. Maingat nilang ibinaba ang kanilang kaibigang nakahiga sa banig, hanggang sa ito'y bumaba sa gitna mismo ng silid, sa harapan ni Jesus.

Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi Niya sa paralisadong tao, "Kaibigan, pinatawad na ang iyong mga kasalanan."

Nagsimulang mag-isip ang mga Pariseo at mga guro ng Kautusan, "Sino itong nagsasalita ng kalapastanganan? Ang Diyos lamang ang makakapagpatawad ng kasalanan!"

Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya sinabi Niya, "Bakit kayo nag-iisip ng ganyan sa inyong mga puso? Ano ang mas madali: ang sabihin, 'Pinatawad na ang iyong mga kasalanan,' o ang sabihin, 'Tumayo ka at lumakad'? Ngunit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng kasalanan dito sa lupa—"

Bumaling Siya sa paralisadong tao at sinabi, "Sinasaabi Ko sa iyo, tumayo ka, kunin mo ang iyong banig, at umuwi ka."

Agad na tumayo ang lalaki sa harapan ng lahat, kinuha ang kanyang higaan, at lumabas habang nagpupuri sa Diyos. Namangha ang lahat at napuno ng pagkamangha. Pinuri nila ang Diyos at sinabi,

"Nakakita tayo ng kamangha-manghang mga bagay ngayon!"



Si Jesus ay may kapangyarihang magpagaling, tulad ng ipinakita Niya nang pagalingin Niya ang paralisadong tao, na nagpapatunay ng Kanyang kapangyarihan laban sa sakit at kakayahang tumulong sa mga nagdurusa. Bago pagalingin ang paralisado, pinatawad muna ni Jesus ang kanyang mga kasalanan, na nagpapakita na mas mahalaga sa Kanya ang ating puso kaysa sa ating katawan at na iniaalok Niya ang kapatawaran sa lahat ng lumalapit sa Kanya. Matapos ang pagpapagaling, ang lalaki at ang mga tao sa paligid niya ay nagpuri sa Diyos, na nagpapaalala sa atin na ang mga gawa ni Jesus ay nagdudulot ng kagalakan, pasasalamat, at dahilan upang ipagdiwang ang kabutihan ng Diyos.

